

Pagsusuri ng Panganib sa Trabaho

Ang mga pagsusuri ng panganib sa trabaho ay isinasagawa ng mga employer, supervisor, manggagawa, at mga komite. Ito ay sistematikong proseso ng pagsukat ng posibleng peligro sa panganib bago ito magdulot ng pinsala sa isang manggagawa o pinsala sa ari-arian.

Kapag nagsasagawa ng pagsusuri ng panganib sa trabaho (job hazard analysis, JHA), hinahati ang mga panganib sa limang kategorya na maaaring magdulot ng pinsala o na mayroong hindi magandang mga epekto sa kalusugan. Ang mga ito ay pisikal, may kaugnayan sa kalamnan at buto, kemikal/mineral, biyolohikal, at sikolohikal. Kasama sa ilang mga halimbawa ng bawat uri ng panganib ang:

Pisikal

- madulas, madapa, matumba/mahulog,
- makinarya,
- ingay.

Kemikal/Mineral

- acetone,
- asbestos,
- mga pesticide.

Sikolohikal

- pangha-harass sa lugar ng trabaho,
- mga agresibong kliyente,
- pagtatrabaho sa shift nang 24/7.

May kaugnayan sa kalamnan at buto

- mga alanganing posisyon,
- paulit-ulit na paggalaw,
- madalas na pagbubuhat.

Biyolohikal

- dugo,
- amag,
- mga dumi ng hayop.

Kasama sa iba pang mga panganib na dapat isaalang-alang kapag nagsasagawa ng pagsusuri ng panganib sa trabaho ang (ngunit hindi limitado sa mga sumusunod):

- Paglilinis
- Pagtatago at pamamahala ng materyal
- Posibilidad na Madulas/Madapa/Matumba o Mahulog
- Mga linya ng kuryente sa ibabaw/sa ilalim ng lupa
- Bukas na paghuhukay
- Lagay ng panahon
- Pag-iilaw
- Trapiko ng Sasakyan/Mga Tao
- Pagtatrabaho sa matataas na lugar
- Mga tool/gamit na may depekto
- Alanganin na posisyon ng katawan
- Pamamahala/pagtatago ng kemikal
- Posibilidad na madulas
- Pagtatrabaho nang mag-isa
- Stress/pagkapagod

Pagkatapos gumawa ng pagsusuri ng panganib sa trabaho (kasunod na pahina), gamitin ang Talahanayan para sa Pag-assess ng Panganib (Risk Assessment Table) para malaman ang antas ng panganib at magtalaga ng antas ng prayoridad sa ika-3 hanay ng JHA.

		Dalas			
		Lubhang Malamang	Malamang	Posible	Hindi Malamang
Tindi ng Kahihinatnan	Magdudulot ng Pinsala	1	1	2	3
	Kritikal	1	1	2	3
	Kaunti ang Pinsala	2	2	3	4
	Napakakaunti ng Pinsala	3	3	4	4

Dalas/Mga Kategorya ng Posibilidad

Lubhang malamang: ang panganib ay lubhang malamang na mangyari o makita araw-araw

Malamang: ang panganib ay malamang na mangyari o makita linggu-linggo

Posible: ang panganib ay posible o nakikita buwan-buwan

Hindi Malamang: ang panganib ay malamang na makita taun-taon.

Tindi ng Kahihinatnan:

Magdudulot ng Pinsala: kamatayan o nakamamatay na pinsala

Kritikal: permanenteng kapansanan, matinding pinsala o sakit

Kaunti ang Pinsala: pinsala o sakit na kailangang gamutin at mawawalan ng oras sa trabaho

Napakakaunti ng Pinsala: pinsala na magagamot ng pangunang lunas, hindi mawawalan ng oras sa trabaho

Antas ng Prayoridad:

1	Mataas	Napakahalagang agarang aksyon
2	Mataas nang Katamtaman	Nakakatanggap ng nangungunang prayoridad sa pagpapalano
3	Katamtaman	Nakakatanggap ng prayoridad sa pagpapalano
4	Mababa	Nakakatanggap ng mababang prayoridad sa pagpapalano

Ang pagsusuri ng panganib sa trabaho at pag-assess ng panganib sa field level ay magkatulad na mga aktibidad sa lugar ng trabaho. Pareho itong ginagawa ng grupo ng mga tao, hinahati ang trabaho sa serye ng mga gawain para matukoy ang mga panganib at mga peligrong nauugnay sa trabaho.



» RISK. PROFESSIONALLY MANAGED.

Telepono: 204-632-6600 | Email: info@rpmsafety.ca | Web: www.rpmsafety.ca

Address: 25 Bunting Street Winnipeg, MB R2X 2P5



Pagsusuri ng Panganib sa Trabaho

Ang mga pagsusuri ng panganib sa trabaho ay isinasagawa ng mga employer, supervisor, manggagawa, at mga komite. Ito ay sistematikong proseso ng pagsukat ng posibleng peligro sa panganib bago ito magdulot ng pinsala sa isang manggagawa o pinsala sa ari-arian.

Halimbawang Pagsusuri ng Panganib sa Trabaho

Pangalan ng assessor: Harold Tagasuri ng Panganib
 Posisyon sa trabaho ng assessor: Supervisor sa Kaligtasan
 Lokasyon ng JHA: Halimbawang Trucking Company
 Petsa: Enero 1, 2021

Pangalan ng Trabaho	Hakbang o Gawain sa Trabaho	Mga Panganib	Prayoridad	Hakbang sa Pag-alis o Pagkontrol
Paglalagay ng strap sa load	1: lagyan ng strap ang load para i-secure ito	a: paulit-ulit na paggalaw b: natamaan/tinamaan ng strap c: madulas, madapa, matumba/mahulog	2	- hard hat - steel toed boots - ligtas na pamamaraan sa trabaho
	2: pagtali ng strap sa deck rail at pulley	a: paulit-ulit na paggalaw b: labis na pagpuwersa c: d:	3	- ligtas na pamamaraan sa trabaho - mga guwantes
	3: paghihigpit sa strap gamit ang snipebar	a: paulit-ulit na paggalaw b: alanganin na posisyon ng katawan c: tinamaan ng bagay d: labis na pagpuwersa	1	- pagsasanay - mga guwantes - ligtas na pamamaraan sa trabaho
	4:	a: b: c: d:		
Paglalagay ng trapal sa load	1: umakyat sa load para maglagay ng mga trapal	a: madulas, madapa, matumba/mahulog b: pagtatrabaho sa matataas na lugar c: alanganin na mga posisyon ng katawan d: labis na pagpuwersa	2	- proteksyon sa pagtumba/pagkahulog - pagsasanay - ligtas na pamamaraan sa trabaho
	2: paglalatag ng mga trapal	a: alanganin na mga posisyon ng katawan b: madulas, madapa, matumba/mahulog c: stress/pagkapagod, pagtatrabaho nang mag-isa d: lagay ng panahon (lalo na kapag mal-akas ang hangin)	1	- proteksyon sa pagtumba/pagkahulog - pagsasanay - ligtas na pamamaraan sa trabaho
	3: lagyan ng bungee strap ang load	a: paulit-ulit na paggalaw b: tinamaan ng bagay c: labis na pagpuwersa d:	2	- pag-inspeksyon ng gamit - mga guwantes - ligtas na pamamaraan sa trabaho - pagsasanay
	4:	a: b: c: d:		

Pirma ng mga Assessor: _____

DITO ILALAGAY ANG IYONG LOGO



Halimbawang Pagsusuri ng Panganib sa Trabaho

Pangalan ng assessor: _____

Posisyon sa trabaho ng assessor: _____

Lokasyon ng JHA: _____

Petsa: _____

Pangalan ng Trabaho	Hakbang o Gawain sa Trabaho	Mga Panganib	Prayoridad	Hakbang sa Pag-alis o Pagkontrol
	1:	a: b: c: d:		
	2:	a: b: c: d:		
	3:	a: b: c: d:		
	4:	a: b: c: d:		
	1:	a: b: c: d:		
	2:	a: b: c: d:		
	3:	a: b: c: d:		
	4:	a: b: c: d:		

Pirma ng mga Assessor: _____